Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SIPI NG KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-14 NG ENERO, 2004, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:50 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ............ | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Louie C. de Leon | ............ | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ............ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ............ | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ............ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ............ | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | ............ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Linguco | ............ | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ............ | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Florencio C. Odejar | ............ | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ............ | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 006-T'04

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG ANNUAL INVESTMENT PLAN (AIP) NG BARANGAY POBLACION I NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAAN APATNAPU'T ISANG LIBO ANIMNAPU'T DALAWANG PISO AT APATNAPUNG SENTIMOS (P141,062.40)*

*SAPAGKA'T,* may mga binalangkas na programa, proyekto at gawain ang Sangguniang Barangay Poblacion I para sa taong ito na paglalaanan ng 20 bahagdang pondong pangkaunlaran;

*SAPAGKA'T,* matapos na ito ay masuri at malaman na ang mga binalangkas na programa, gawain at proyekto ay tumutugon sa pangangailangan ng nabanggit na barangay at *naaayon sa itinatadhana ng LBC # 70* ay inirekomenda ng Tagapamuno ng Lupon sa Sangguniang Bayan na pagtibayin na ang AIP ng Brgy. Poblacion I.

*KUNG KAYA'T DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr. na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Mike Jomel M. Ombico, Ricardo B. Ramirez at Purita P. Sarmiento at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na pagtibayin ang Annual Investment Plan (AIP) ng Barangay Poblacion I na nagkakahalaga ng P141,062.40.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sang. Brgy. Poblacion I, lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. LOUIE C. DE LEON
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan